


# H E K A S I 4

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)  
**Distance Education for Elementary Schools**  
**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MGA GUHIT LONGHITUD



Department of Education  
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**  
2nd Floor Bonifacio Building  
DepEd Complex, Meralco Avenue  
Pasig City

## **Revised 2010**

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),  
DepEd - Division of Negros Occidental  
under the Strengthening the Implementation of Basic Education  
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.




## GRADE IV

### MGA GUHIT LONGHITUD



Hindi ka ba nagtataka, iba-iba ang anyo ko?



Kaibigan, masdan ako. Iba na naman ang guhit ko! Patayo naman ito. Hindi ba?

Sa pag-aaral mo sa modyul marami kang matututuhan tulad ng:

- mga guhit longhitud
- **prime meridian** at kung bakit mahalaga ito
- International Date Line
- Paggamit ng prime meridian at iba pang longhitud sa paghanap ng mga lugar sa globo at mapa.





## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago ka magpatuloy sa pag-aaral, nais kong sagutan mo ang pagsasanay sa ibaba. Kapag nasagot mo ito, nangangahulugan na handa ka na sa mga sumusunod na aralin.

Handa ka na ba?

Panuto: Punan ng tamang sagot ang bawat patlang. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Ang guhit na humahati sa globo sa hilaga at timog hatingglobo ay ang \_\_\_\_\_.
2. Ang guhit na nasa  $0^\circ$  lat. ay ang \_\_\_\_\_.
3. Ang pinakamalayong lugar sa hilaga at timog ng ekwador ay ang mga \_\_\_\_\_.
4. Ang guhit latitud ay tinatawag ding \_\_\_\_\_.
5. Ang panukat sa layo ng isang lugar pahilaga o patimog ng ekwador ay \_\_\_\_\_.
6. Ang kalahating bahagi ng globo na matatagpuan sa hilag ay tinatawag ng \_\_\_\_\_.
7. Ang mga guhit latitud na nasa dakong timog ay tinatawag na \_\_\_\_\_.
8. Ang mga guhit na nakikita sa globo ay hindi matatagpuan sa mundo. Ito ay sa dahilang ang mga guhit ay \_\_\_\_\_.
9. Ang mga guhit na pabilog sa globo ay \_\_\_\_\_ habang papalayo sa ekwador.
10. Ang pinakamalaking guhit latitud ay ang \_\_\_\_\_.
11. Ang pinakamaliit na guhit latitud ay ang \_\_\_\_\_.
12. Ang mga pahalang na guhit na kaagapay ng ekwador ay \_\_\_\_\_.
13. Ang sukat ng polong hilaga at polong timog ay \_\_\_\_\_.
14. Ang guhit longhitud na nasa  $180^\circ$  ay tinatawag ding \_\_\_\_\_.
15. Ang modelo ng mundo ay ang \_\_\_\_\_.


Nasagot mo bang lahat?  
Magaling! Maaari ka nang magpatuloy.





## PAG-ARALAN MO

Suriin mo ang krokis.



Anong uri ng guhit ang makikita mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral, pag-isipan mo ang sumusunod na mga tanong:

1. Ano ang meridian o guhit longhitud?
2. Saan nagmumula ang mga guhit longhitud?
3. Ano ang Prime Meridian?
4. Ano ang kaibahan ng prime meridian sa ekwador?
5. Bakit mahalaga ang prime meridian sa paggamit ng globo?






Basahin:

### Guhit Longitud o Meridian


Ang mga guhit longitud o **meridian** ay mga patayong guhit mula sa hilaga patungong timog at nagtatagpo sa mga polo. Tulad ng ekwador at parallels o guhit latitud, ang mga meridian o guhit longitud ay mga guhit na nasa isip lamang. Hindi ito matatagpuan sa mundo. Inilalagay ito sa globo upang maging madali ang paghanap ng kinalalagyan ng isang lugar. Tulad ng parallels, ang meridian ay nasusukat sa digri ( $^{\circ}$ ).

Tingnan ang krokis. Ito ang anyo ng globo kung titingnan mula sa Polong Hilaga.





Ang mundo ay bilog. Ang bilog ay may kabuuang  $360^\circ$ . Kung hahatiin ito sa dalawang bahagi, ang kalahati nito ay may sukat na  $0^\circ$  hanggang  $180^\circ$ . Sa globo, ang **Zero Meridian** ( $0^\circ$ ) o unang guhit longhitud ay tinatawag na **Prime Meridian**. Ang guhit na ito ay dumaraan sa Greenwich, isang lungsod sa London, England. Sa Prime Meridian ( $0^\circ$ ) nagsisimula ang pagbilang pakanan hanggang **International Date Line** na nasa  $180^\circ$  meridian.



Ang digri longhitud ay nagsasabi ng layo ng isang lugar pakanluran o pasilangan mula sa **Prime Meridian**.

Ilagay ang kanang hintuturo sa **Prime Meridian** ( $0^\circ$ ). Igalaw ito nang pakanan hanggang International Date Line o  $180^\circ$ . Ang bahaging ito ng mundo ang **Silangan**.

Ibalik ang hintuturo sa Prime Meridian ( $0^\circ$ ). Igalaw ito nang pakaliwa hanggang sa International Date Line ( $180^\circ$ ). Ang bahaging ito ang **kanluran**.

Ang **Prime Meridian** ang nagsisilbing batayan sa pagsasabi ng layo ng isang lugar pasilangan o pakanluran.



Tingnan ang globo. Saan dako makikita ang A? Sa anong digri longhitud ito makikita? Sa anong bahagi ng mundo o globo makikita ang B? Sa anong digri longhitud naman makikita ang A?

Sa pagsasabi ng lokasyon ng A sinasabi na ang A ay nasa  $60^\circ$  kanlurang longhitud o  $60^\circ$  K longhitud. Ito ay sa dahilang makikita ito sa kanlurang hatingglobo.

Ano ang lokasyon ng B? Saan dako ito makikita?



## PAGSANAYAN MO


- A. Batay sa iyong binasa at pinag-aralan, sagutan mo ang mga tanong na nasa ibaba.
1. Ano ang meridian o guhit longhitud?
  2. Saan nagmumula ang mga guhit longhitud?
  3. Ano ang Prime Meridian?
  4. Sa anong digri matatagpuan ang Prime Meridian?
  5. Ano ang International Date Line?
  6. Sa anong digri matatagpuan ang International Date Line?
  7. Ano ang kaibahan ng prime meridian sa ekwador?
  8. Bakit mahalaga ang Prime Meridian sa paggamit ng globo?
  9. Anong bahagi ng mundo ang may sukat na  $0^\circ$  -  $180^\circ$  kanluran?
  10. Anong bahagi ng mundo ang may sukat na  $0^\circ$  -  $180^\circ$  silangan?







B. Gawin ang puzzle na ito.



Pahalang


Pababa

- |   |   |
|---|---|
| 1. Pahalang na guhit na nagmumula sa silangan patungo sa kanluran | 1. Patayong guhit na nagtatagpo sa mga polo                           |
| 2. Kalahati ng globo  | 3. Ibang pangalan sa mga pahalang na guhit                            |
| 3. Ang unang guhit longitud na nasa 0°                            | 4. Pahalang na guhit na humahati sa globo sa timog at hilagang bahagi |
| 6. Ibang pangalan sa mga guhit longitud                           | 5. Patag na larawan ng mundo  |
| 7. Panukat ng layo ng lugar hilaga o timog ng ekwador             | 8. Bilog na mapa  |
| 9. Pinakamalayong lugar sa hilaga                                 |   |





C. Narito ang isang hypothetical map.  
 Sabihin ang kinalalagyan ng bawat isa.  
 Punan ang pagsasanay sa ibaba nito.



	<u>Bansa</u>	Saang Hatingglobo	Digri Longitud	Lokasyon (Layo ng bansa 0° longitud o Prime Meridian)
1.	A	<u>Kanluran H.G.</u>	_____	_____
2.	B	_____	_____	_____
3.	C	_____	_____	_____
4.	D	_____	_____	_____
5.	E	_____	_____	_____
6.	F	_____	_____	_____
7.	G	_____	_____	_____
8.	H	_____	_____	_____

9. Anong bansa ang pinakamalayo sa silangan ng Prime Meridian? \_\_\_\_\_

10. Anong bansa ang pinakamalapit sa kanluran ng Prime Meridian? \_\_\_\_\_





## TANDAAN MO

- Ang guhit longhitud ay mga patayong guhit na nagmumula sa hilaga patungong timog at nagtatagpo sa mga polo.
- Ang Prime Meridian ay nasa  $0^\circ$ . Hinahati nito ang mundo/globo sa silangan at kanlurang bahagi.
- Ang Prime Meridian ay nagsisilbing batayan sa pagsasabi ng layo ng isang lugar pasilangan o pakanluran.
- Ang  $180^\circ$  ay ang International Date Line.
- Ang guhit longhitud o meridian ay likhang isip lamang at wala sa tunay na mundo.



## ISAPUSO MO

Isulat sa iyong kuwadernong sagutan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa mga guhit longhitud. Itala rin kung paano mo ito mapapahalagahan.



## GAWIN MO

Iguhit sa kuwadernong sagutan ang globo.  
Itala ang mga sumusunod sa tamang bahagi ng globo:

Polong Timog  
Polong Hilaga  
Mga Guhit longhitud  
Prime Meridian  
Silangang bahagi ng mundo  
Kanlurang Bahagi  
International Date Line





## PAGTATAYA

Matapos mo ang mga pagsasanay at gawain subukan mong sagutin ang pagtataya.

Isulat mo sa kuwadernong sagutan ang iyong sagot.

A. Sabihin kung Tama o Mali.


1. Ang guhit longhitud sa  $0^\circ$  ay tinatawag na ekwador.
2. Ang mga guhit longhitud ay nagmumula sa hilaga patungong timog at nagtatagpo sa mga polo.
3. Ang mga guhit longhitud ay maaari ring tawaging meridian.
4. Ang unang guhit longhitud ay nagsisilbing batayan sa paghanap ng lugar hilaga o timog nito.
5. Matatagpuan sa tunay na mundo ang mga guhit longhitud.

B. Punan ng tamang sagot.

1. Ang panukat ng layo ng lugar pakanluran at pasilangan ng prime meridian ay ang \_\_\_\_\_.
2. Ang  $0^\circ$  longhitud ay tinatawag ding \_\_\_\_\_.
3. Ang  $180^\circ$  longhitud ay kilala sa tawag na \_\_\_\_\_.
4. Ang mga guhit longhitud ay kilala sa tawag na \_\_\_\_\_.
5. Ang mga guhit longhitud ay wala sa tunay na mundo. Ito ay \_\_\_\_\_.



C. Pag-aralan ang drawing ng globo. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa isang sagutang papel.



1. Anong lugar ang matatagpuan sa Prime Meridian?  
a. S                      b. G                      c. W                      d. O
2. Saang bahagi ng Prime Meridian matatagpuan ang G?  
a. Silangan                      c. Hilaga  
b. Kanluran                      d. Timog
3. Anong lugar ang pinakamalayo sa silangan ng Prime Meridian?  
a. S                      b.                      c. N                      d. D
4. Aling dalawang lugar sa kanluran at silangan ang magkasinlayo ang distansiya mula sa Prime Meridian?  
a. S at O                      c. at O  
b. G at M                      d. R at N
5. Saang longhitud makikita ang S?  
a. sa 90° Kanluran longhitud  
b. sa 90° Silangan longhitud  
c. sa 60° Silangan longhitud  
d. sa 60° Kanluran longhitud



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.